


8

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 11:
Komunikasyon sa Katatagan
at Kaunlaran ng Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan - Modyul 11: Komunikasyon sa Katatagan at Kaunlaran ng Pamilya

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jezzine F. Salar
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth M. Ysulan, Saturnino C. Mutia, Concorde Alber J. Deniega, Jean C. Caluyong, Marieta U. Bautista, Mina M. Montilla, Rashiel Joy F. Lepaopao, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Mark Lorenz C. Luib
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras, Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600

Telefax No.: (085) 342-5969

Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 11:
Komunikasyon sa Katatagan
at Kaunlaran ng Pamilya**

Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 11 para sa Aralin 1 – Komunikasyon sa Katatagan at Kaunlaran ng Pamilya!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 11 para sa Aralin 1 - Komunikasyon sa Katatagan at Kaunlaran ng Pamilya!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon, at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang modyul itol.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari

ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang komunikasyon ay isang proseso ng pagpapadala o pagtanggap ng anumang impormasyon sa pasalita, hindi-pasalita at maging sa virtual na paraan. Sa pamamagitan nito ay naipapahayag ng tao ang ninanais at pagmamalasakit. Datapwa't sa pakikipagkomunikasyon at pakikipagkapuwa ay kinakailangan ay mas malawak na pag-unawa sa mga antas ng komunikasyon at kahalagan ng pagiging bukas at tapat sa lahat ng oras.


Sa paglalakbay mo sa modyul na ito ay pagsikapang mabigyang tugon ang mga tanong na:

- a. Gaano ba kahalaga ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon?
- b. Paano ba ito nakatutulong sa pagkakaroon ng mabuting ugnayan ng pamilya sa lipunan?
- c. Ano ang dapat isaalang-alang sa pakikipagkomunikasyon upang mapaunlad ang pakikipagkapuwa?

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

Nahihinuha na

- a. ang bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga magulang at mga anak ay nagbibigay daan sa mabuting ugnayan ng pamilya sa kapuwa;
- b. ang pag-unawa at pagiging sensitibo sa pasalita, di-pasalita at virtual na uri ng komunikasyon ay nakapagpapaunlad ng pakikipagkapuwa; at
- c. ang pag-unawa sa limang antas ng komunikasyon ay makatutulong sa angkop at maayos na pakikipag-ugnayan sa kapuwa. (ESP8PB-If-3.3)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang pinakamababang antas ng komunikasyon na tumutukoy sa pakikipag-usap ng indibidwal sa sarili sa kanyang replektibong pag-iisip, pakikinig sa sarili, pagbubulay-bulay o kaya ay kapag pinakikiramdaman ang paggalaw ng sarili?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. komunikasyong berbal
 - D. replekatibo
2. Anong antas ng komunikasyon na nangyayari sa pagitan ng dalawa o higit pang tao?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
3. Anong uri ng komunikasyon na ang halimbawa ay *Valedictory Address*?
 - A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
4. Anong antas ng komunikasyong ang naglalayong mapaunlad ang bansa sa industriya, ekonomiya o anumang pangkabuhayan?
 - A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
5. Ano ang antas ng komunikasyon para sa pagkakakilanlan ng isang bansa sa pamamagitan ng mga pagtatanghal ng mga natatanging pagkain, sayaw, tradisyon at paniniwala?
 - A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa

6. Anong antas ng komunikasyon ang gumagamit ng mass media, radyo, telebisyon at pahayagan?
 - A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa

7. Bakit mahalagang malinang ng isang pamilya ang bukas na komunikasyon sa tahanan bago makipag-ugnayan sa kapuwa?
 - A. upang malinang nang maayos ang kakayahan sa pakikipag-usap
 - B. upang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa bawat miyembro ng pamilya
 - C. upang maipakita ang totoong nararamdaman at iniisip para maiwasan ang pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan
 - D. upang matutunan ng pamilya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng bukas na komunikasyon tungo sa mabuting pakikipag-ugnayan

8. Ano-ano ang dapat pagtuunan ng pansin sa pakikipagkomunikasyon?
 - A. pasalitang komunikasyon na ginamit ng ating kausap
 - B. di-pasalitang uri ng komunikasyong ginamit ng ating kausap
 - C. ekspresyon ng mukha at pasalitang uri ng komunikasyong ginamit ng kausap
 - D. pasalita, di-pasalita at virtual na uri ng komunikasyong maaaring ginamit ng ating kausap

9. Anong antas ng komunikasyon ang tungkol sa gawaing meditasyon at pagrerepleksiyon?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. kultural
 - D. organisasyonal

10. Kapag nahaharap sa problema ang pamilyang Manlangit, nagsusumikap ang bawat isa na malutas ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanya-kanyang ideya o opinyon. Ano ang iyon mahihinuha sa relasyon ng pamilya sa isa't isa?
 - A. Ang pamilya ay may hidwaan sa isa't isa.
 - B. Ang pamilya ay may kaligayahan sa tuwing nagkakasama sa kabila ng mga problema.
 - C. Ang pamilya ay may maganda at mabuting ugnayan sa isa't isa na dahilan ng pagkakaisa tungo sa paglutas ng problema.
 - D. Ang pamilya ay mayroong hindi pagkakaunawaan at negatibong damdamin para sa isa't isa na maaaring makapagpalala ng problema.

11. Tumawag si Joel sa kanyang kaibigan upang kumustahin ang kalagayan ng katrabaho nito matapos sumailalim sa isang operasyon dahil sa pagkahulog nito sa sinasakyang motorsiklo. Anong antas ng komunikasyon ang nangyayari sa sitwasyong ito?
- A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. pangkaunlaran
 - D. organisasyonal
12. Habang nakaupo sa sala ng kanilang bahay ang mag-inang Susan at Carlo, napansin ng anak ang lungkot sa mukha ng kanyang ina. Maya-maya ay hindi niya napigilang tanungin kung may problema ba ito. "Okay lang ako anak huwag kang mag-alala," mahina at basag na sagot ng ina. Ano ang mahihinuha sa pag-uusap na ito?
- A. Walang problema at dinaramdam ang ina hindi lang ito palangiti.
 - B. May inaalala lang ang ina ngunit hindi ito malungkot gaya ng nakita ng anak.
 - C. May seryosong bagay na iniisip ang ina kaya mukhang pangit siya sa paningin ng anak.
 - D. Sinabi lang ng ina na okay siya para maitago sa anak ang tunay na dahilan kung bakit siya malungkot sa pagkakataong iyon.
13. Alin sa sumusunod na halimbawa ng komunikasyon ang nasa antas na pangmasa?
- A. Talumpati ng isang kandidatong tumakbo sa pagkapangulo ng bansa.
 - B. pakikinig sa radyo ng mga anunsyo tungkol sa mga patakaran at programa ng lungsod.
 - C. Nagbigay ng mensahe ang pangulo sa telebisyon sa mga nasalanta ng lindol sa Davao.
 - D. Pagkakaroon ng teleconferencing ang iba't ibang bansa ng Timog Asya tungkol sa COVID-19 pandemic.
14. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak?
- A. Humingi ng payo ang anak kung anong mabuting gawin sa sitwasyon nila ng kaniyang nobya ngunit hindi pinakinggan ng magulang.
 - B. Nagalit ang magulang sa sinabi ng anak na mayroon na siyang nobya kahit hindi pa narinig ang kabuoang kuwento ng kaniyang anak.
 - C. Pinakinggan ang buong kuwento ng anak saka pinagalitan dahil sa desisyong ginawa nito sa kabila ng mga payo ng magulang sa anak.
 - D. Nakinig ang magulang sa sinabi ng anak tungkol sa kanyang nobya at pinayuhan niya ang anak sa mabuting desisyon. Sinunod naman ng anak ang payo ng kanyang magulang.

15. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng maaaring bunga ng pagkakaroon ng pag-unawa at pagiging sensitibo sa di-berbal at berbal na pagpapahayag ng iyong kausap?
- A. magkasamaan ng loob
 - B. magandang pagsasama
 - C. mapapaunlad ang ugnayan
 - D. masaya at produktibong pag-uusap

Aralin

1

Komunikasyon sa Katatagan at Kaunlaran ng Pamilya

“Kaakibat ng magandang relasyon ay maayos na komunikasyon.”

-Anonymous

Ngayon, subukin sa **Balikan** ang natutuhan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



Balikan

Gawain 1. Paraan Ko! Kaunlaran Namin!

Isulat ang mga paraan upang mapaunlad ang komunikasyong umiiral sa pamilya at magkaroon ng maayos na pakikipag-ugnayan sa lipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Consensual na Komunikasyong Pampamilya

Pluralistic na Komunikasyong Pampamilya

Laissez-Faire na Komunikasyong Pampamilya

Protective na Komunikasyong Pampamilya

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Malinaw na naipahayag ang kaisipan	Malinaw ang pagkalalahad ng kaisipan at nabibigyan ng plano ang apat na uri ng komunikasyon	Malinaw ang pagkalalahad ng kaisipan at nabibigyan ng plano ang tatlong uri ng komunikasyon	Malinaw ang pagkalalahad ng kaisipan at nabibigyan ng plano ang dalawang uri ng komunikasyon
Kabuoang Puntos			



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain 2. Tula Ko! Pagnilayan Mo!

Basahin at unawain ang tula at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Susi sa Pakikipagkapwa

Nina: M. Lillo, R. Lepaopao, J. Salar, J. Clarion at J. Ecoben

Sa relasyong pampamilya at panlipunan,
bukas na komunikasyon ay kinakailangan!
Pakikipag-usap sa pamilya, kapwa ay dapat pahalagahan
para sa masaya at matatag na samahan.

Maging mapili sa salita, huwag matabil ang dila.
Tayo'y magkakaiba pairalin ang malalim na pag-unawa,
maging sensitibo sa komunikasyong virtual at di-pasalita
upang kaunlaran at pagkakaisa ang matatamasa.

Gabay na Tanong:

1. Ano ang paksa ng tula?
2. Bakit mahalaga ang bukas na komunikasyon? Paano ito mapapaunlad?
3. Paano maisasabuhay ang angkop at maayos na pakikipag-ugnayan sa kapuwa?



Suriin

Komunikasyon Tungo sa Pakikipagkapuwa

Ang komunikasyon ay isang epektibong paraan sa ating pakikipag-ugnayan sa lipunang ginagalawan. Ito ang daan upang magkaroon tayo ng magandang relasyon sa ating kapwa bagkus, maaari rin itong magbunga ng hindi pagkakaunawaan at pagkakawatak-watak ng isang pamayanan kung hindi tayo magiging bukas at tapat sa ating pakikipagkomunikasyon.

Ang bukas na komunikasyon ay dapat malinang at nagsisimula sa tahanan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya. Ang bawat miyembro ng pamilya ay magkakaroon ng kakayahang maglahad ng naisip at nararamdaman sa kabila ng pag-aalinlangan. Magkakaroon din ng kakayahang umunawa at makiramdam sang-ayon o hindi man sang-ayon sa napakinggan. Malinang ang kakayahang makinig kaysa makipagtalo. Maging tapat sa lahat ng sasabihin sa paraang maayos na pagkalahad at pagiging bukas sa mga kritisismo. Kung ang mga kakayahang ito ay nalinang na ng isang bata sa kanilang tahanan ay siguradong hindi mahihirapan sa pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa.

Ang komunikasyon ay hindi lamang pasalita sapagkat kalakip din dito ang di-berbal na paraan. Ang berbal o pasalitang komunikasyon ay ang paggamit ng salita o wika upang ipahayag ang kaisipan, damdamin o saloobin samantalang ang di-berbal naman ay ang pagpapahayag ng damdamin o gusto sa pamamagitan ng simbolo, ekspresyon ng mukha, senyas, pandama, mata, galaw o kilos, pananamit, tunog at marami pang iba.

Anumang mensahe o pakikipagkomunikasyon na dumadaan sa midyum na teknolohiya ay matatawag na *virtual* na uri ng komunikasyon. Halimbawa nalang ay email, web, sms, mms, video chat at marami pang iba. Ibig sabihin sa pakikipagkomunikasyon ay hindi lang dapat nakatuon sa isa. Kinakailangang isaalang-alang ang uri ng komunikasyon sapagkat hindi lahat ng tao ay madaling makapagpapahayag sa paraang pasalita habang ang iba naman ay naipahahayag sa paraang di-berbal o kaya ay virtual.

Ang pagkakaroon ng pag-unawa at pagiging sensitibo sa ganitong paraan ng pakikipagkomunikasyon ay malaki ang maitutulong sa pagpapaunlad ng pakikipagkapuwa.

Ang komunikasyon ay nahahati sa iba't ibang antas. Ito ay ang: Interpersonal, Intrapersonal, Pangmasa, Pampubliko, Pangkultura, Pang-organisasyonal at Pangkaunlaran (Lopez, 2013).

Intrapersonal o komunikasyong pansarili ay ang pinakamababang antas ng komunikasyon na nagaganap sa isang tao lamang o ginagawa nang nag-iisa at ipinapalagay na sarili ang kausap. Halimbawa, pakikipag-usap sa sarili sa replekatibong pag-iisip, pagdarasal, pakikinig sa sarili o pagbubulay-bulay.

Interpersonal naman ang tawag sa pakikipag-usap sa ibang tao o pakikipagtalastasan sa iba't ibang indibidwal. Maaaring sa isang tao o pagitan ng dalawa o mahigit pang tao sa maliit na pangkat. Halimbawa, pakikipag-usap sa kaibigan, o miyembro ng pamilya.


Pampubliko naman ang tawag sa pakikipag-usap sa maraming tao o nagaganap sa isang tagapagsalita at maraming tagapakinig. Halimbawa ay ang Valedictory Address.

Pangmasa naman ang tawag sa pakikipag-usap na nagaganap sa pangkalahatan o malawakang media tulad ng pahayagan, internet, TV, radio at iba pa. Halimbawa ay ang mga patalastas sa telebisyon at *State of the Nation Address* o SONA ng pangulo.

Pangkultura ang tawag sa pakikipag-usap para maipahayag at mabigyan ng pagkilala ang isang bansa o lugar. Karaniwang pinag-uusapan sa antas na ito ay mga bagay na may kaugnayan sa kultura ng mga kalahok. Halimbawa, komunikasyong nagaganap kapag may lakbay-aral sa museo.

Pangkaunlaran naman ang pakikipag-usap na naglalayong gamitin sa pagpapaunlad ng bansa. Halimbawa, komunikasyong nagaganap kapag may mga *symposium* at pagsasanay o *seminar*.

Organisasyonal naman ang tawag sa panghuling antas ng komunikasyon. Ito ay nangyayari sa pagitan ng mga taong may iba't ibang posisyon, obligasyon at responsibilidad sa lipunan. Ang komunikasyon sa antas na ito ay nakatutok sa isang layunin o adhikain ng pangkat. Halimbawa ang mga komunikasyong nagaganap sa pangkat ng mga guro, doktor, o sa paaralan, simbahan at isang kompanya. Halimbawa, pagpupulong sa paaralan.



Pagyamanin

Gawain 3: Kilalanin Ko!

Suriin ang mga konsepto sa Hanay A at iugnay ito sa mga antas ng komunikasyon sa Hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Hanay A


1. pakikinig sa sarili
2. pagpupulong ng mga guro
3. pakikipag-usap sa katabing kaklase
4. pagtatalumpati ng punong-barangay sa pista ng kanilang nayon.
5. paghahatid ng balita sa panahon

Hanay B

- A. Organisasyonal
- B. Interpersonal
- C. Pampubliko
- D. Intrapersonal
- E. Pangmasa
- F. Pangkaunlaran

Gawain 4: Bunga ng Komunikasyon!

Magbigay ng mga bunga ng pagkakaroon ng bukas, tapat at sensitibong komunikasyon sa pagitan ng miyembro ng pamilya at ng lipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel gamit ang *graphic organizer*.



**Komunikasyon sa pagitan
ng mga miyembro ng
pamilya at lipunan**

Gawain 5: Solusyunan Mo!


Basahin ang mga sitwasyon at sagutan ang kasunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang iyong kapatid ay dumaranas ng matinding depresyon dahil sa cyberbullying. Bilang nakatatandang kapatid, sa paanong paraan mo siya kakausapin upang matulungan siya sa kanyang problema?

2. Napansin mo sa inyong group chat sa maraming gumagamit ng mga salitang nakakasakit ng damdamin. Paano mo hihikayatin ang iyong mga kasamahan na maging sensitibo sa pakikipagkomunikasyon?

Rubriks sa Pagmamarka

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Malinaw na naipaliliwanag sitwasyon	Malinaw na naipaliwanag at nakapagbigay ng sapat na solusyon sa sitwasyon	Hindi masyadong malinaw na naipaliwanag at nabigyan ng solusyon ang isa sa mga sitwasyon	Hindi malinaw na naipaliwanag at hindi nakapagbigay ng solusyon sa sitwasyon
Kabuoang Puntos			



Isaisip

Gawain 6: Ang Natutunan Ko!

Magbigay ng ideya sa sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1	Kahalagahan ng Bukas na Komunikasyon
----------	---

2	Pag-unawa at pagiging sensitibo sa berbal, di-berbal at virtual na komunikasyon
----------	--

3	Antas ng Komunikasyon
----------	------------------------------

Pamantayan sa Pagmamarka:

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Kalinawan	Malinaw na naipaliwanag ang tatlong katanungan hinggil sa katuturan, kahalagahan at antas ng komunikasyon	Malinaw na naipaliwanag ang dalawa sa katanungan hinggil sa komunikasyon	Hindi malinaw na naipaliwanag ang katanungan hinggil sa katuturan, kahalagahan at antas ng komunikasyon
Kabuoang Puntos			




Isagawa

Gawain 7. Pangatwiranan Mo!

Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na mga pahayag. Isulat ang pagpapaliwanag sa sagutang papel.

Ang pinakamahalagang bagay sa komunikasyon ay ang pakinggan at unawain ang kung ano ang hindi maisatinig.

Ang mabisang pakikipagkomunikasyon ay nagsisimula sa oras na mapagtanto ng tao na lahat tayo ay magkakaiba ng pagtingin sa mga bagay sa mundo.



Rubriks sa Pagmamarka ng Pagpapaliwanag			
Pamantayan	Higit na Inaasahan (10 puntos)	Nakamit ang Inaasahan (8 puntos)	Hindi Nakamit ang Inaasahan (4 puntos)
Pagpapaliwanag sa Konsepto	Makabuluhan at mahusay ang pagpapaliwanag at pagtatalakay sa pahayag.	May sapat na detalye ang pagpapaliwanag.	Hindi naipapaliwanag ang pahayag.
Organisasyon ng mga ideya	Lohikal at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya.	Naipakita ang ideya ng pahayag bagaman hindi makinis ang pagkakalahad.	Hindi organisado ang pagpapaliwanag.
Kabuuan puntos			



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Tumawag si Joel sa kanyang kaibigan upang kumustahin ang kalagayan ng katrabaho nito matapos sumailalim sa isang operasyon dahil sa pagkahulog nito sa sinasakyang motorsiklo. Anong antas ng komunikasyon ang nangyayari sa sitwasyong ito?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. pangkaunlaran
 - D. organisasyonal
2. Habang nakaupo sa sala ng kanilang bahay ang mag-inang Susan at Carlo, napansin ng anak ang lungkot sa mukha ng kanyang ina. Maya-maya ay hindi niya napigilang tanungin kung may problema ba ito. “Okay lang ako anak huwag kang mag-alala”, mahina at basag na sagot ng ina. Ano ang mahihinuha sa pag-uusap na ito?
 - A. Walang problema at dinaramdam ang ina hindi lang ito palangiti.
 - B. May inaalala lang ang ina ngunit hindi ito malungkot gaya ng nakita ng anak.
 - C. May seryosong bagay na iniisip ang ina kaya mukhang pangit siya sa paningin ng anak.
 - D. Sinabi lang ng ina na okay siya para maitago sa anak ang tunay na dahilan kung bakit siya malungkot sa pagkakataong iyon.
3. Alin sa sumusunod na halimbawa ng komunikasyon ang nasa antas na pangmasa?
 - A. Talumpati ng isang kandidatong tumakbo sa pagkapangulo ng bansa.
 - B. Pakikinig sa radyo ng mga anunsyo tungkol sa mga patakaran at programa ng lungsod.
 - C. Nagbigay ng mensahe ang pangulo sa telebisyon sa mga nasalanta ng lindol sa Davao.
 - D. Pagkakaroon ng teleconferencing ang iba't ibang bansa ng Timog Asya tungkol sa COVID-19 pandemic.

4. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng magulang at anak?
 - A. Humingi ng payo ang anak kung anong mabuting gawin sa sitwasyon nila ng kaniyang nobya ngunit hindi pinakinggan ng magulang.
 - B. Nagalit ang magulang sa sinabi ng anak na mayroon na siyang nobya kahit hindi pa narinig ang kabuoang kuwento ng kaniyang anak.
 - C. Pinakinggan ang buong kuwento ng anak saka pinagalitan dahil sa desisyong ginawa nito sa kabila ng mga payo ng magulang sa anak.
 - D. Nakinig ang magulang sa sinabi ng anak tungkol sa kanyang nobya at pinayuhan niya ang anak sa mabuting desisyon. Sinunod naman ng anak ang payo ng kanyang magulang.

5. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng maaaring bunga ng pagkakaroon ng pag-unawa at pagiging sensitibo sa di-berbal at berbal na pagpapahayag ng iyong kausap?
 - A. magkasamaan ng loob
 - B. magandang pagsasama
 - C. mapapaunlad ang ugnayan
 - D. masaya at produktibong pag-uusap


6. Ano ang pinakamababang antas ng komunikasyon na tumutukoy sa pakikipag-usap ng indibidwal sa sarili sa kanyang replektibong pag-iisip, pakikinig sa sarili, pagbubulay-bulay o kaya ay kapag pinakikiramdaman ang paggalaw ng sarili?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. komunikasyong berbal
 - D. replekatibo

7. Anong antas ng komunikasyon na nangyayari sa pagitan ng dalawa o higit pang tao?
 - A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa

8. Anong uri ng komunikasyon na ang halimbawa ay Valedictory Address?
 - A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa

9. Anong antas ng komunikasyong ang naglalayong mapaunlad ang bansa sa industriya, ekonomiya o anumang pangkabuhayan?
- A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
10. Ano ang antas ng komunikasyon para sa pagkakakilanlan ng isang bansa sa pamamagitan ng mga pagtatanghal ng mga natatanging pagkain, sayaw, tradisyon, paniniwala at iba pa?
- A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
11. Anong antas ng komunikasyon ang gumagamit ng mass media, radyo, telebisyon at pahayagan?
- A. pampubliko
 - B. pangkaunlaran
 - C. pangkultura
 - D. pangmasa
12. Bakit mahalagang malinang ng isang pamilya ang bukas na komunikasyon sa tahanan bago makipag-ugnayan sa kapuwa?
- A. upang malinang nang maayos ang kakayahan sa pakikipag-usap
 - B. upang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa bawat miyembro ng pamilya
 - C. upang maipakita ang totoong nararamdaman at iniisip para maiwasan ang pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan
 - D. upang matutunan ng pamilya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng bukas na komunikasyon tungo sa mabuting pakikipag-ugnayan
13. Ano-ano ang dapat pagtuunan ng pansin sa pakikipagkomunikasyon?
- A. pasalitang komunikasyon na ginamit ng ating kausap
 - B. di-pasalitang uri ng komunikasyong ginamit ng ating kausap
 - C. ekspresyon ng mukha at pasalitang uri ng komunikasyong ginamit ng kausap
 - D. pasalita, di-pasalita at virtual na uri ng komunikasyong maaaring ginamit ng ating kausap
14. Anong antas ng komunikasyon ang tungkol sa gawaing meditasyon at pagrerepleksyon?
- A. interpersonal
 - B. intrapersonal
 - C. kultural
 - D. organisasyonal

15. Kapag nahaharap sa problema ang pamilyang Manlangit nagsusumikap ang bawat isa na malutas ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanya-kanyang ideya o opinyon? Ano ang iyong mahihinuha sa relasyon ng pamilya sa isa't isa?
- A. Ang pamilya ay may hidwaan sa isa't isa.
 - B. Ang pamilya ay may kaligayahan sa tuwing nagkakasama sa kabila ng mga problema.
 - C. Ang pamilya ay may maganda at mabuting ugnayan sa isa't isa na dahilan ng pagkakaisa tungo sa paglutas ng problema.
 - D. Ang pamilya ay mayroong hindi pagkakaunawaan at negatibong damdamin para sa isa't isa na maaaring makapagpalala ng problema.



Karagdagang Gawain

Gawain 8. Tala-Kaparaanan!

Magbigay ng sampung (10) paraan kung paano mapauunlad ang komunikasyon sa pamilya at lipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1 _____

2 _____

3 _____

4 _____

5 _____


6 _____

7 _____

8 _____

9 _____

10 _____



Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1. A 2. B 3. D 4. D 5. D 6. B 7. A 8. A 9. B 10. C 11. D 12. D 13. D 14. B 15. C	Pagymanin Gawain 3 1. D 2. A 3. B 4. C 5. E	Subukin 1. B 2. A 3. A 4. B 5. C 6. D 7. D 8. D 9. B 10. C 11. A 12. B 13. D 14. D 15. D
--	---	--

Pagymanin
Gawain 4

1. Napatatag ang ugnayan ng tao sa kapwa.
2. Napagkatitwalaan sa anumang pribado o personal na usapin.
3. Hindi nakasasakit ng damdamin ng kapwa.
4. Nakabubuo ng solusyon sa problemang kinahaharap ng bawat isa o kasapi ng pamilya.
5. Hindi napapariwa ang mga anak dahil sa mga payo ng magulang.
6. Napatatag ang pagmamahal sa loob at labas ng tahanan.

Karagdagang Gawain
Gawain 8

1. Maging sensitibo sa bawat bibitawang pahayag o salita upang hindi makapanakit ng damdamin.
2. Magbahagi ng saloobin o damdamin hinggil sa usapin upang malapatan ng maayos at epektibong solusyon.
3. Pakinngan ang mungkahing bawat miyembro ng pamilya.
4. Irespto ang paniniwala at prensipyo ng ibang tao.
5. Magbigay ng payo (kung kinakailangan) sa katibigan o kasapi ng pamilya na nakakararanas ng depresyon.
6. Maging tapat sa bawat sasabihin.
7. Maging bukas sa pamilya.
8. Pakikipag-usap sa kapwa ng may kahinahunan.
9. Maglahad ng naisip kahit nag-aalinlangan upang mabigyan ng kasagutan.
10. Pahalagahan ang bawat impormasyon ibinabahagi ng kapwa.

Sanggunian

Aklat:

Bognot, Regina Mignon C. ,et.al. (2013). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul para sa mga Mag-aaral*. Vibal Publishing House Inc. Pasig City, NCR

R. M. et.al, (2013). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8 Modyul para sa Mag-aaral*. Pasig City, NCR: Vibal Publishing House Inc.

Hanguang Elektroniko:

Cuncic, A., 2019. *oureverydaylife*. oureverydaylife.com. Accessed May 11, 2020
<https://oureverydaylife.com/types-communication-patterns-families-7948054.html>

Banduch, Kaitlin, (2014). *"Using the Theory of Motivated Information Management (TMIM) and Family Communication Patterns (FCP) to Understand Individual Decisions to Undergo Genetic Testing for Huntington's Disease (HD)." Electronic Thesis or Dissertation*. Kent State University. Accessed May 11, 2020 from
<https://etd.ohiolink.edu/>

Paz, Y. L. (prezi.com) prezi.com. Accessed May 11, 2020,
<https://prezi.com/pi3vi8sxewyb/antas-ngkomunikasyon/>.

prezi. (n.d.). prezi.com Accessed May 11, 2020,
<https://prezi.com/f5gvd18n9gm/family-communication-patterns-model/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph